Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG
SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA
BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY POBLACION III NOONG IKA- 08 NG NOBYEMBRE,
2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ............................ | Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar ............................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ............................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan ............................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ............................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ............................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ............................ | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 339-T'2000

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGTATALAGA SA DAANG M. H. DEL PILAR MULA SA PANULUKAN NG DAANG V. VALENZUELA HANGGANG SA PANULUKAN NG DAANG BONIFACIO AT MULA SA PANULUKAN NG DAANG BONIFACIO HANGGANG SA PANULUKAN NG DAANG TALEON BILANG PANSAMANTALANG LUGAR PARA SA MGA ARAW NG TIANGGE SA PANAHONG MAY TUBIG AT LUBOG ANG PAMILIHANG BAYAN SANHI NG PAGBAGYO AT PAGBAHA.*

*SAPAGKA'T,* malaking epekto para sa mga manininda at mga mamimili ang hindi makapasok ng pamilihang bayan dahilan sa labis na pagbaha at pag-ulan na dulot ng nagdaang bagyo;

*SAPAGKA'T,* karaniwan nang itinatakda ang Daang M. H. del Pilar bilang pansamantalang lugar para sa mga araw ng tiangge dahilan sa kalapitan nito sa pamimili maging sa kaluwagan sa pagsakay ng mga mamimili;

*SAPAGKA'T,* malaking tulong para sa mga mamamayan na pansamantalang mapalipat ang pamilihan sa panahong baha at may tubig ang pamilihang bayan upang patuloy na tumakbo ang kalakaran ng pangangalakal at pangangasiwa ng koleksyon sa pamilihang bayan na ginagamit sa paglilingkod sa pamayanan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang mga sumusunod na:

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 30-T'2000

*KAUTUSANG NAGTATALAGA SA DAANG M. H. DEL PILAR MULA SA PANULUKAN NG*
*DAANG V. VALENZUELA HANGGANG SA PANULUKAN NG DAANG BONIFACIO AT MULA*
*SA PANULUKAN NG DAANG BONIFACIO HANGGANG SA PANULUKAN NG DAANG*
*TALEON BILANG PANSAMANTALANG LUGAR PARA SA MGA ARAW NG TIANGGE SA*
*PANAHONG MAY TUBIG ANG PAMILIHANG BAYAN SANHI NG PAGBAGYO AT PAGBAHA.*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Iialaga ang Daang M. H. Del Pilar mula sa panulukan ng Daang V.
Valenzuela hanggang sa panulukan ng Daang Bonifacio at mula sa panulukan ng Daang
Bonifacio hanggang sa panulukan ng Daang Taleon bilang pansamantalang lugar para sa mga
araw ng Huwebes at Linggo na itinakda bilang araw ng tiangge sa panahong may tubig ang
pamilihang bayan sanhi ng pagbagyo at pagbaha.

*SEKSYON 2* – Ang anumang bahagi ng kautusang bayan na sumisinsay sa kautusang
ito ay pinawawalang bisa.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 339-T'2000)



*SEKSYON 3* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Hukom, Pambayang Manananggol, Pinuno ng Kagawaran ng Pulisya, Tagapamahala ng Pamilihang Bayan, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

EDGARDO T. PORCA
Kagawad

FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

BERNARDO E. ISON
Kagawad

ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad

ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan